Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## FILIPINO 1

# *Modyul 17*

## *Walang Hadlang sa Pag-ibig*

# *Modyul 17*
# *Walang Hadlang sa Pag-ibig*



## *Tungkol saan ang modyul na ito?*

Mahal kong estudyante, kumusta ka na?

Marami ka bang natutuhan sa mga modyul na napag-aralan mo na? Mabuti naman kung oo ang sagot mo. Nakabasa ka na ba o nakarinig na ng mga kwento tungkol sa kalapating nagiging isang magandang dalaga? O tungkol sa pagpatag sa isang bundok sa loob lamang ng magdamag? O kaya naman ay tungkol sa trigong kagabi lamang itinanim pero ngayong umaga'y nakahain nang tinapay? Makikilala mo kaya ang isang mahal sa iyo kung isang hintuturo lamang niya ang makikita mo?

Kawili-wili ang ganitong mga kwento, di ba? Ginigising ba ng ganitong mga kwento ang iyong haraya o imahinasyon? Nagiging natatanging karanasan ba ang pagbabasa para sa iyo? Tiyak iyon.

Kung gayon, halika, maglakbay ka sa malalayong kabundukan at makipagsapalaran ding tulad ng mga tauhan sa koridong pinag-aaralan mo. Sa tulong ng modyul na ito, tuklasin mo ang hiwaga ng pag-ibig na di kayang pigilan ng libo mang hadlang.

Pag-aaralan mo sa modyul na ito ang ikatlong bahagi ng koridong ***Ibong Adarna***.



## *Ano ang matututunan mo?*

Ang kwento tungkol sa pag-iibigang pilit hinadlangan ng malupit na ama ng prinsesa at ang kahanga-hangang mahika ng prinsesang ito ang magiging daluyan ng mga kasanayang inaasahang matatamo mo sa modyul na ito.

Inaasahang matututuhan mo sa modyul na makilala at masuri ang ikatlong bahagi ng ***Ibong Adarna*** batay sa mga tiyak na katangian at pamantayan. Narito ang mga tiyak na kasanayang inaasahang matatamo sa modyul:

1. Natutukoy ang iba't ibang pagpapahalagang Pilipinong lumutang sa akda.


2. Nakapagbibigay ng pansariling paghuhusga sa akda batay sa:

   - Posibilidad ng mga pangyayari
   - Di posibilidad ng mga pangyayari

3. Nakabubuo ng desisyon hinggil sa pagkamalapit sa realidad ng akda.

4. Naiuugnay sa aktwal na pangyayari sa kasalukuyan ang mga pangyayaring inilahad sa akda.

Para bang mahirap? Hindi mahirap iyan. Kayang-kaya mo basta't hakbang-hakbang mong susundan ang bawat bahagi ng modyul.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Tulad ng sinabi ko sa iyo, kaibigan, maraming ihahandog na mga bagong kaalaman sa iyo ang modyul na ito. Magiging madali at matagumpay ang paggamit mo nito kung susundin mo ang mga tuntunin sa ibaba na magsisilbing gabay mo sa iyong pag-aaral. Basahin mo ang mga ito at unawaing mabuti.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot mo sa mga pagsusulit.


2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutuhan mo ang aralin. Kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Sa bahaging ito, nakaharap sa libong hadlang ang pag-iibigan nina Don Juan at Prinsesa Maria. Malampasan kaya nila ang mga pagsubok?

Nasa ibaba ang ilang tanong para mataya kung ano na ang alam mo sa ngayon kaugnay ng nilalaman ng modyul na ito.

A. Punan ng angkop na salita ang patlang. Isulat sa iyong sagutang papel ang letra ng mga sagot.

1. Dalawang matandang _______ (a. ketongin, b. maysakit, c. ermitanyo) ang tumulong kay Don Juan sa paghahanap sa Reyno de los Cristal.

2-3. Si Don Juan ay naglakbay sa _________ (a. tubig, b. lupa, c. himpapawid) sakay ng _________ (bus, bapor, agila).

4. Nang ilapag ng agila si Don Juan sa paliguan ni Prinsesa Maria, tyempo namang dumating ang prinsesa sa anyong _______ (a. gansa, b. bibe, c. kalapati).

5. Itinago ni Don Juan ang ________ (a. damit, b. sapatos, c. pakpak) ng prinsesa.

6. Ang galit ng prinsesa ay napalitan ng pag-ibig nang ang prinsipe ay humingi ng ________ (a. tawad, b. halik, c. pera)

7. Maraming pagsubok na ipinatupad si Haring ______ (a. Salem, b. Salino, c. Salermo), ang ama ni Maria.

8. Ang pinakamahirap na pagsubok ay ang paghanap sa _______ (a. singsing, b. salapi, c. negrito) ng hari.

9. Upang hanapin ang singsing, si Maria ay nagpatadtad nang pinung-pino at bawat piraso ay naging ______ (a. isda, b. pating, c. dugong).

10. Ang isa pang pagsubok ay pagpapaamo sa isang ______ (a. kabayo, b. usa, c. leon) na mismong si Haring Salermo

B. Anong pagpapahalaga ba o matandang kaugalian ang isinasaad sa mga saknong sa ibaba, partikular sa bahaging may salungguhit? Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

**1009** Buong galang na tumugon
ang prinsipeng tinatanong,
<u>"Bati ko'y magandang hapon</u>
<u>sa Hari kong panginoon</u>."

**1018** Ipinakli ni Don Juan:
"Iyan po'y di pasasaan,
<u>ang hintay ko'y pag-utusan</u>
<u>ng aking makakayanan.</u>"

**976** "Ngunit <u>tabi sa harapan</u>
ako'y iyong pagtapatan,
alin bagang kaharian
ang iyong pinanggalingan?"

C. Nasa ibaba ang mga sitwasyong hango sa ***Ibong Adarna***. Isulat sa iyong sagutang papel ang **P** kung posible at **DP** kung di posible.

1. Naglakbay sa himpapawid si Don Juan.
2. Sakay siya ng agila.
3. Isang buwan silang naglakbay nang walang hinto.
4. Ang 2 ermitanyong tumulong kay Don Juan ay may edad 500 taon at 800 taon
5. Naging bato ang mga manliligaw ng magkakapatid na prinsesa sa kagagawan ng hari.
6. Nagpakana si Don Pedro laban sa bunsong kapatid na si Don Juan.
7. Kinasapakat niya ang kapatid na si Don Diego.
8. Itinago ni Don Juan ang damit ni Maria.
9. Nagalit si Maria kay Don Juan dahil sa pagtatago ng damit niya.
10. Nawala ang galit ni Maria dahil sa mapagkumbabang sagot at sa tamis ng dila ni Don Juan.

D. Isulat kung ano ang kaisipang isinasaad sa pariralang may salungguhit? Nagaganap pa ba ang mga ito sa kasalukuyan?

**1374** Kabataan, palibhasa
pag-ibig ay batang-bata,
sa apoy ng bawat nasa'y
hinahamak pati luha.

**1375** Likas na sa kabataang
sa pag-ibig ay mamatay,
bawalan mo ay kaaway
pati ng mga magulang.

**1376** Mga pusong sa pag-ibig
pinag-isa na ng dibdib
halangan ng kahit lintik
liliparin din ang langit.

**1377** At sa batang kaisipan
ang lahat na'y pawang buhay,
sa masama'y pagbawalan
ang akala'y di mo mahal.

Mahal kong estudyante, kung tapos mo nang sagutan ito, kunin sa iyong guro ang ***Susi sa Pagwawasto***. Iwasto nang maayos at tapat ang iyong papel.

Ano ang nakuha mong marka? Kung nakakuha ka ng **25** pataas, di mo na kailangang pag-aralan ang modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

Pero kung wala pang 25 ang nasagutan mo nang tama, kailangan mo ang modyul na ito.

# Mga Gawain sa Pagkatuto

Sub-Aralin 1

## Mga Pagpapahalagang Pilipino

***Layunin:***

Pagkatapos mo ng Sub-araling ito, inaasahang natutukoy mo ang iba't ibang pagpapahalagang Pilipinong lumutang sa akda.

**Alamin**

Natatandaan mo pa ba kung ano ang mga nangyari na sa mga naunang bahagi ng ***Ibong Adarna***? Para maalala mo ang mga naunang pangyayari, narito ang buod ng una at ikalawang bahagi:

*Nagkasakit si Haring Fernando at ang tanging lunas ay ang awit ng mahiwagang Ibong Adarna. Ang bunso, si Don Juan, ang nakahuli nito. Ngunit nagpakana sina Don Pedro at Don Diego, ang dalawang nakatatandang kapatid. Iniuwi nila ang ibon at iniwang lugmok si Don Juan. Nakauwi rin si Don Juan. Noon lamang umawit ang ibon. Gumaling ang hari. Gabi-gabi, halinhinang pinabantayan ng hari sa tatlong magkakapatid ang Ibong Adarna.*

*Isang gabi, pinawalan ni Don Pedro at ni Don Diego ang Ibong Adarna upang palitawing si Don Juan ang nagpabaya. Kusang lumisan si Don Juan upang mapagtakpan ang mga kapatid. Ipinahanap ng hari si Don Juan kina Don Pedro at Don Diego. Masayang nagkita-kita ang tatlong magkakapatid sa kabundukan ng Armenya..*

*May nakita silang isang mahiwagang balon na napakalalim pero walang tubig. Sa pamamagitan ng lubid na nasa ibabaw ng balon, narating ni Don Juan ang kailaliman ng balon at iniligtas ang magkapatid na sina Juana at Leonora sa higante at serpyenteng may pitong ulo.*

*Nang muling bumaba sa balon si Don Juan upang balikan ang singsing ni Leonora, pinatid ni Don Pedro ang lubid na kinakapitan ni Don Juan kaya ang huli'y naiwan sa ilalim ng balon na bali-bali ang mga buto. Tinulungan siya ng isang lobo na pinapunta roon ni Leonora.*

*Umuwi sa Berbanya sina Don Pedro at Don Diego kasama sina Juana at Leonora. Ikinasal si Juana kay Don Diego. Dinalaw ng Ibong Adarna si Don Juan at pinayuhang hanapin ang kapalaran sa  Reyno de los Cristal*

Narito naman ang buod ng ikatlong bahagi ng ***Ibong Adarna.***

*Dumanas ng malaking hirap si Don Juan sa paghahanap sa Reyno de los Cristal. Sa wakas, nakita niya ang Ermitanyo na ayon sa matanda sa nakaraang bahagi ay makapagtuturo sa kanya sa nasabing kaharian. Itinuro siya ng ermitanyo sa isa pang ermitanyo na may alagang agila. Ang ibong ito ang naghatid sa kanya sa hinahanap na reyno. Nakita niya ang hanap na dilag.*

*Napaibig ni Don Juan si Donya Maria kaya tinulungan siya ng dalaga upang malampasan ang mga pagsubok ng ama nitong si Haring Salermo. Iba't ibang pagsubok ngunit nagawang lahat sa tulong ng mahika blangka ng prinsesa. Ngunit nalaman ni Maria na sa iba ipakakasal si Don Juan. Nagtanan ang dalawa. Hinabol sila ng hari pero nalampasan ng talino ni Maria ang mahika negra ng kanyang ama. Isinumpa ng hari ang magkasintahan. Nagkasakit at namatay ang hari.*

Ano kayang mga pagsubok ito ang hinarap ni Don Juan? Lalong nagiging kapana-panabik ang kwento sa buhay niya, di ba?

Para lalo mong maibigan ang koridong pinag-aaralan, basahin ang ilang piling saknong:

**858** Limang buwang paglalakad
pitong bundok ang binagtas,
pitong dusa't pitong hirap
bago sinapit ang hangad.

**859** Doon ay kanyang dinatnan
isang Ermitanyong mahal,
balbas ay hanggang baywang
kasindak-sindak pagmasdan.

**860** Pagkakita sa Prinsipe
ang matanda ay pumiksi:
"Ikaw tuksong pagkalaki
lumayo sa aking tabi.

**861** "Dito'y mahaba nang araw
na ako'y nananahanan,
sa tahimik kong pamumuhay
walang taong nakaalam."

**864** Nakita ang dalang baro
Ermitanyo'y napatango,
noon niya napaghulo
na mali ang kanyang kuro.

**865** Hinagkan na't tinangisan
yaong barong kanyang tangan,
luha sa mata'y bumukal
agos ang nakakabagay.

**866** At nagwika ng ganito:
"Hesus na Panginoon ko,
isang galak ko na itong
pagkakita sa baro Mo."

Sino kayang Hesus na Panginoon ang tinutukoy ng Ermitanyo? Tama ka kung ang sagot mo ay si Hesukristo. Napansin mo bang nakasulat sa malaking titik ang **Panginoon** (T2) gayon din ang panghalip na **Mo** sa T4? Di ba sinisimulan sa malaking titik ang mga salitang tumutukoy sa Diyos, pati na mga panghalip?

Ano ba ang **Ermitanyo**? Ito ay taong namumuhay nang mag-isa, malayo sa ibang tao at sa lipunan, karaniwa'y sa kadahilanang kaugnay ng relihiyon. Napansin mo ba ang reaksyon ng Ermitanyo nang makita si Don Juan? Aling saknong ang nagsasaad ng reaksyon ng Ermitanyo? Di ba S860? Nagalit ang matanda nang makita si Don Juan. Kasi nga'y pinili niyang lumayo sa lipunan, kaya hindi niya ikinasisiya ang mga dayo sa kanyang lugar.

Ilang taon na kaya ang Ermitanyo? Hanapin mo sa saknong na ito.

**871** "Hesus na Panginoon ko,
limang dantaon na akong
naninirahan dito't
malayo sa mga tao.

Ano ang sagot mo, 500? Tama ka.

Ang Ermitanyong ito'y hindi nakapagturo kay Don Juan sa hinahanap na kaharian. Sa halip, itinuro siya nito sa isa pang Ermitanyo. Ito naman ang paglalarawan sa isa pang Ermitanyo.

**896** Hinangaan at nagtaka
sa Ermitanyong nakita
sa katandaa'y humigit pa
sa nakausap na una.

**897** Ang balbas nito sa haba
sumasayad na sa lupa,
balahibo'y mahahaba't
mapuputi namang pawa.

**903** Pagkatapos ay ganito
ang sabi ng Ermitanyo:
"Walong daang taong husto
ang paninirahan ko rito."

Sino ang mas matanda sa dalawang ermitanyo? Ang ikalawa, di ba? Ilang taon na ang ikalawa? 800 nga! Grabe, ano?

Ang matandang ito ang nakatulong kay Don Juan sa paghahanap sa Reyno de los Cristal. Sadyang napakalayo ng kahariang ito at isang buwan niyang nilakbay sakay ng ibong agila. Narito ang paglalarawan sa kanyang paglalakbay.

**934** Sa paglipad na sambuwan
walang hinto sandali man,
kasukat ng baong taglay
na tatlong daang duruan.

**935** Dalang baon ay ubos na
nakarating naman sila
sa banyo ni Donya Mariang
tubig ay kaaya-aya.

Heto na nga ang Prinsipe sa paliguan ni Donya Maria nang tyempong dumating ang babae:

**950** Kitang-kita ni Don Juan
nang ang tatlo ay dumatal
kalapating kagayaka'y
himala ng kagandahan.

**951** Dilag ni Donya Maria
walang kapantay sa kanya,
ipikit man yaong mata'y
nasisilaw din ng ganda.

Napahanga na naman sa kagandahan ang Prinsipe! Itinago niya ang damit ng dalaga kaya't nagalit ito. Nagpakilala si Don Juan bago inilitaw ang damit ng dalaga, sabay hingi ng tawad. Nang tanungin siya ni Maria kung saan galing, ito ang sagot ng binata:

**978** "Ang inyo pong kaharian
ay sinadya kong nilakbay,
bula ang aking sinakyan
sa dagat lulutang-lutang."

Totoo ba ang sinabi ni Don Juan? Nambobola siya, di ba? Saan ba siya naglakbay? Sa dagat ba? Di ba sa papawirin, sakay ng agila? Pero sa mapagpakumbabang sagot at sa tamis ng dila ni Don Juan, hindi na nakuhang magalit ng Prinsesa.

Sige, basahin mo ang patunay dito.

**982** Ang Prinsesa ay nahabag
Sa anyo ng kapuspalad
galit niya ay naglubag
nahalili ay pagliyag.

Isa na namang puso ang nabihag ng makisig na Prinsipe! May ipinakita ang Prinsesa kay Don Juan:

**989** "Iyang iyong natatanaw
mga batong nakahanay,
ang lahat na'y taong tunay
na pawang naparusahan."

Grabe pala ang ama ng Prinsesa. Kung ikaw si Don Juan, ipagpapatuloy mo pa ba ang pangingibig sa isang dalagang may gayon kalupit na ama? Kung ikaw naman ang dalagang may gayong klaseng ama, ano ang gagawin mo? Siguro, tutulungan mo ang iyong manliligaw ano?

Ganito ang ginawa ni Donya Maria'y– iniharap niya sa ama ang manliligaw, pero tinuruan muna ng gagawin. May mga pagsubok daw ang hari, pero huwag mag-alala ang Prinsipe dahil:

**1003** "Anuman ang iaaatas
tanggapin mo, aking liyag,
hindi ikaw ang tutupad
kundi akong kanyang anak."

Ang nagagawa nga naman ng pag-ibig!

Narito naman ang pananalita ni Don Juan nang makaharap na si Haring Salermo:

**1009** Buong galang na tumugon
ang prinsipeng tinatanong,
"Bati ko'y magandang hapon
sa Hari kong panginoon."

**Linangin**

Naibigan mo ba ang mga binasang saknong? Syempre naman, di ba? Kasi, lutang na lutang ang magagandang pananalita at ang mga pagpapahalagang Pilipino sa akda.

Bakit may mga pagpapahalagang Pilipino sa akda gayong ang tagpuan nito ay sa malalayong kaharian, tulad ng Berbanya, Armenya, at Reyno de los Cristal. Sa tunog na tunog pa lamang ng mga lugar na ito ay banyagang-banyaga na, marahil ay Europeo, ano? Ang mga tauhan naman ay mga hari at reyna, prinsipe at prinsesa, don at donya. Mayroon ba niyan sa Pilipinas?

Wala ngang ganyang mga tao sa ating bansa. Wala ring ganyang mga lugar sa Pilipinas. Pero ang mga tauhan ng korido ay mga Pilipino, dinamitan lamang ng banyagang kasuotan. Ang panlabas na anyo lamang nila ang dayuhan. Matangos ang ilong, maputi ang kutis, blonde ang buhok. Pero ang kalooban at mga pagpapahalaga ay iyong kilalang-kilala nating mga Pilipino.

Ano ang mga pagpapahalagang ito?

Napansin mo ba ang malaking paggalang na iniukol ni Don Juan sa Ermitanyo? Sa mga naunang bahagi ng ***Ibong Adarna***, gayon ding paggalang ang ipinamalas ni Don Juan sa matatanda. Matulungin siya at maawain sa matatanda, pati na sa isang ketonging nakapandidiri. Sa bandang huli, ginantimpalaan naman ang gayong pagkamatulungin dahil lagi, matanda ang nakatutulong sa kanya. Muli itong napatunayan sa bahaging ito.

Ngunit bukod sa pagiging magalang sa matatanda, ang bahaging ito ay waring may iba pang ibig ipahiwatig. May implikasyong relihiyoso ang S866 – na parang si Hesus mismo ang unang matandang naghimaton kay Don Juan sa Ermitanyo. Di ba tayong mga Pilipino ay may paniniwala na pinapatnubayan ng Diyos ang taong madasalin, maaawin at matulungin sa kapwa?

Tungkol naman sa kababaihan. Ang paggalang at pagpapahalaga sa kababaihan ay ipinakita ni Don Juan sa kanyang pakikitungo kay Donya Maria. Oo nga't pinangahasan niyang itago ang damit nito, pero agad siyang nagpakumbaba at humingi ng tawad. Bukod pa rito, pawang maririkit at matatamis na pananalita ang iniukol niya rito, di ba?

Mayroon pa bang ibang pagpapahalagang Pilipino sa akda? Tiyak na mayroon pa. Tingnan mo nga kung matutukoy mo.

Alam mo ba kung bakit hitik sa mga pagpapahalaga ang koridong ***Ibong Adarna***? Ito'y dahil sa layuning panrelihiyon ng korido. Sinulat ang korido upang magpalaganap ng kaisipang Kristiyano.

**Gamitin**

Tingnan mo nga kung kaya mo nang ilapat ang natutuhan mo.

Anong pagpapahalagang Pilipino ang isinasaad sa mga saknong sa ibaba:

**1009** Buong galang na tumugon
ang prinsipeng tinatanong,
"Bati ko'y magandang hapon
sa Hari kong panginoon."

Ang nagsasalita rito ay si Don Juan. Ito ang pagbati niya sa haring ama ni Maria. Anong pagpapahalaga ang makikita rito? Tama, ang pagiging magalang sa ama ng nililigawan. Ang isa pang pagpapahalaga ay ang magalang na pagbati sa may-ari ng bahay na binibisita niya. Hindi ka basta papasok sa bahay ng iba na parang ito'y pag-aari mo, di ba? Magalang kang babati at hihintayin mong patuluyin ka bago ka humakbang man lamang papasok.

Noong panahon ng ating mga ninuno, kailangan pang pilitin ang isang taong inaanyayahan, bago ito mapapasok sa ibang bahay. Bakit kaya? Kasi, iginagalang niya ang kalooban ng may-ari ng bahay. Baka nakaaabala siya, pero hindi naman masabi ng may-ari ng bahay, dahil sa magandang kalooban nito. Makikita niya kung tapat ang paanyaya kung hihilahin na siyang papasok.

Sa kaso ni Don Juan, nang patuluyin siya ng Hari ay di siya umakyat sa palasyo. Ito ang tugon niya:

**1018** Ipinakli ni Don Juan:
"Iyan po'y di pasasaan,
ang hintay ko'y pag-utusan
ng aking makakayanan."

Ganyan ang mga Pilipino noon. Sa halip tanggapin ang paanyaya, paghingi ng maipaglilingkod ang sagot ni Don Juan.

Pero sa pagkakataong ito, ang pagtanggi ay ginawa ni Don Juan dahil na rin sa payo ni Maria. Pag pumasok daw siya ay di na makalalabas nang buhay!

Ito ang payo ni Maria:

**999** "Ang pagpanhik sa palasyo'y
isang silo ng ama ko,
sa sandali kang mabuyo'y
tiyak na kamatayan mo."

Ano namang pagpapahalagang Pilipino ang nakasaad sa mga saknong na ito:

**1013** "Ngalan ko po ay Don Juan
bunsong anak ng magulang,
sa Berbanya'y minamahal
lungkot nila ang mawalay.

**1014** "Bayan ninyo ay nasapit
sa atas po ng pag-ibig
pusong lumagi sa hapis
ang hanap ay isang langit."

Ito'y pagpapakilala ni Don Juan ng sarili sa ama ng nililigawan niyang dilag. Ganyan ang mga Pilipino noong unang panahon. Hindi basta dinadagit ang isang dalaga. Maayos na dumadalaw sa bahay ng nililigawan, nagpapakilala sa mga magulang nito, at nagpapahayag ng mataos na pagmamahal at matapat na damdaming hindi paluluhain lamang ang isang babae.

Ganito pa rin ba ang ligawan sa ngayon? Ibang-iba na, di ba?

**Lagumin**

Malinaw na marahil sa iyo ang sub-araling ito. Upang maging mas malinaw pa, narito ang mga pangunahing puntos:

1. Ang tauhan ng isang korido ay karaniwang mga hari at reyna, prinsipe at prinsesa, don at donya.
2. Ang tagpuan ay karaniwan ding malalayong lugar.
3. Gayon man, ang mga tauhan ay nagpapakita ng mga ugali at pagpapahalagang Pilipino, tulad ng paggalang sa matanda, pagiging madasalin, paggalang sa kababaihan at maayos na panliligaw sa kababaihan.

Ngayong malinaw na sa iyo ang sub-aralin, handa ka na ba sa isang pagsubok?

**Subukin**

Sagutin ang mga tanong. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ilang daang taon na ang unang Ermitanyong pinuntahan ni Don Juan?

2. Ilang daang taon na ang pangalawang Ermitanyong pinuntahan ni Don Juan?

3. Sino o alin ang naghatid kay Don Juan sa kaharian ni Maria?

4. Gaano katagal silang naglakbay?

5. Ano ang anyo ni Maria nang dumating ito sa paliguan?

6. Anong mga pagpapahalagang Pilipino ang lumutang sa bahaging ito ang koridong ***Ibong Adarna***?

7. Basahin ang mga saknong at sagutin ang mga tanong sa ibaba:

**976** "Ngunit tabi sa harapan
ako'y iyong pagtapatan,
alin bagang kaharian
ang iyong pinanggalingan?"

A. Ano ang ibig sabihin ng tabi sa harapan?
a. nagbibigay-galang bago magtanong
b. pinatatabi ang kausap
c. pinahaharap ang kausap

B. May pagpapahalagang Pilipino ba sa pahayag sa itaas? Anong pagpapahalaga ito?

**989** "Iyang iyong natatanaw
mga batong nakahanay,
ang lahat na'y taong tunay
na pawang naparusahan."

a. Ano ang natatanaw na nakahanay?
b. Bakit sila nagkaganito?

8. Anong matandang kaugaling Pilipino ang nakasaad sa sagot ni Don Juan kay Haring Salermo: S1018 T3-4: "ang hintay ko'y pag-utusan/ng aking makakayanan."

Ganito rin ba ang mga sagot mo? Kung gayo'y tama ka.

1. 500 taon
2. 800 taon.
3. Agila
4. Isang buwang walang tigil.
5. Kalapati
6. Paggalang sa matatanda, pananalig sa Diyos, paggalang sa kababaihan, paggalang sa may-ari ng bahay
7. S976: A. a.
   B. Oo. Pasintabi sa kausap bago magtanong. Humihingi muna ng pahintulot sa gayong pagtatanong.

   S989: a. Mga bato
   b. Dating mga tao na naparusahan
8. Ang matandang kaugalian ng paninilbihan ng isang binata sa pamilya ng dalagang niliguwan niya.

Kung tamang lahat ang sagot mo, hindi mo na kailangang sagutan ang ***Paunlarin***.

**Paunlarin**

1. May pagpapahalaga bang nakasaad sa pariralang may salungguhit? Ano ito?

**962** "Ito'y hindi dapat gawin
lalo pa nga kung sa akin
<u>maging hamak at alipin</u>
<u>ang tingin ko ay magaling</u>."

2. Ano ang dapat gawin upang magtagumpay?

943 "Sa iyo, ako'y paalam,
ang loob mo ay tibayan,
bilin ko sana'y tandaan
nang matiyak ang tagumpay."

a. tibayan ang loob
b. tiyakin ang tagumpay
c. sundin ang bilin

Mga sagot:

1. Mayroon. Pantay na pagtingin sa lahat ng tao, mahirap man o mayaman. O kaya'y makatarungang pagtingin sa tao kahit mahirap o mababa ang katayuan sa buhay
2. a. Tibayan ang loob

## Sub-Aralin 2

### Libo Mang Pagsubok: Posible ba?

***Layunin***: Pagkatapos mo ng sub-araling ito, inaasahang ikaw ay:

1. Nakapagbibigay ng pansariling paghuhusga sa akda batay sa:
    - Posibilidad ng mga pangyayari
    - Di posibilidad ng mga pangyayari
2. Nakabubuo ng desisyon hinggil sa pagkamalapit sa realidad ng akda.

**Alamin**

Ngayong nakaharap na ni Don Juan ang ama ng dalagang minamahal niya, at nangako siyang handang maglingkod, nagsimula na ang pagsubok. Ito ang unang gawaing dapat niyang isakatuparan: Binigyan siya ng trigo at pinagbilinang:

*Ano ang ibinigay kay Don Juan? Trigo, di ba?*

**1022** "Trigong ito'y iyong dalhin
pag-ingatan mong magaling
huwag mawalan, ni sambutil
at pakinggan ang gagawin.

*Ano ang gagawin sa bundok? Wow! Papatagin ang bundok para Ikalat ang trigo? Ang hirap, ano?*

**1023** "Iyang bundok na mataas
tibagin mo't nang mapatag
diyan mo nga ikakalat
itong trigong aking hawak.

*Ano ang gagawin sa trigo? Posible kaya ito? Sa isang gabi lang, itatananim,patutubuin, pamumungahin at aanihin?*

**1024** “Ngayon ito itatanim
gabing ito’y patubuin,
ngayong gabi’y pamungahi’t
gabing ito ay anihin.

*Kapag naani na ang trigo, ano ang gagawin? Sa gabi ring iyon*, *gagawing tinapay.*

**1025** “Sa gabing ito rin naman
ay gagawin mong tinapay
sa hapag ko’y magigisnang
pagkain ko sa agahan.”

Hindi lamang mahirap gawin ang mga iyan, di ba? Imposible yata! Ngunit ano ang pangako ni Maria kay Don Juan? Di ba ito:

**1045** “Lahat ng dapat mong gawin
ang pagyari’y nasa akin,
matulog ka nang mahimbing
at masaya kang gigising.”

Samakatwid, matutulog lamang si Don Juan at paggising ay nagawa na ang pagsubok. Masaya silang nagniig ni Maria bago isinagawa ng dalaga ang kahilingan ng amang hari. Pagbangon ng hari ay nagisnan na nga niya ang tinapay sa hapag mula sa trigong ipinatanim niya nang gabing nagdaan.

Narito naman ang ikalawang pagsubok:

**1067** “Labindalawang negrito
buhay namang mga tao,
ito’y mga alaga ko’t
minamahal na totoo.

**1068** “Sila’y aking pawawalan
sa laot ng karagatan,
isilid mong muli naman
sa prasko nilang tahanan.”

Naisagawa itong madali ng prinsesa, kaya’t kinabukasan, panibagong pagsubok ang iniatang ng hari kay Don Juan:

**1101** “Ang ibig ko’y iyang bundok
dito’y iyong maiusod
isang malaki kong lugod
na sa hangin ay mabusog.

**1102** “Itapat mo sa bintana
pagkatayo’y tamang-tama
hanging diya’y magmumula
sa palasyo’y maging sula.”

Nangyari rin ito sa madaling panahon.  Pagkatapos nito, bagong pagsubok na naman!

**1130** “Hiling ko sa iyo ngayon
bundok na ito’y itabon
sa gitna niyang maugong
na dagat na madaluyong.

**1131** “Doon ay maging kastilyo
sa umaga’y makita ko,
ang kanyang mga simboryo
anyo’t bilog ay pareho.

**1132** “Itong moog ay tayuan
ng gulod na pitong hanay
mga kanyon ang nariyan
pananggol ng kaharian.

**1133** “Iyan ay lalagyan mo pa
mga anim na batirya,
may kawal sa bawat isa’t
ayos makikipagbaka.

**1134** “Mga kanyon ay magisnang
putok ay nagtutunugan
wari baga’y may digmaa’t
ginagahis ang kaaway.

Nang maisagawa ang pagsubok na ito, ito naman ang gustong mangyari ng hari:

**1172** “Ngayong gabi, yaring nais
ang kastilyo ay maalis,
ni bakas ma’y di ko ibig
sa karagata’y mamasid.

**1173** “Ang bundok na nasa dagat
isauli dito bukas,
kailangan kong lumanghap
niyang hanging isang lunas.”

Madaling naisagawang lahat ni Maria ang lahat ng ito. Ngayon naman ay ipinahahanap ng hari ang kanyang singsing na nahulog sa dagat.

**1190** “Ang singsing kong minamahal
kung bakit ko nalingatang
sa daliri ay natanggal.
nahulog sa karagatan.

**1191** “Kung maluwag sa loob mo
ngayon sana ang ibig ko,
kunin saan pa man dako’t
saka na mag-usap tayo.”

Ang kahilingang ito’y nakapagpalungkot sa Prinsesa. May kahirapan itong gawin.

*Ano raw ang puhunan*
*sa pagsubok na ito?*
*Buhay daw ang maaring*
*maging kapalit nito, di ba?*

**1209** “Ito’y pamumuhunanan,”
anang Prinsesang nalumbay,
“ng panganib at ng buhay
bago tayo magtagumpay.”

Paano hahanapin ang singsing? Ganito ang bilin ng Prinsesa kay Don Juan:

*Ano ang dapat*
*ingatan?*
*Salungguhitan mo nga*
*Ang T3 at 4.*

**1213** “Ngayon ako’y tadtarin mo,
tadtarin mong pinung-pino
ngunit ingatang totoo
may matapong kapiraso.

*Ano ang mangyayari*
*kapag natadtad na*
*ang prinsesa?*
*Magic talaga!*
*Magiging isda!*

**1214** “Kung tadtad na ay ihulog
nang sa tubig ay lumubog,
katawan kong durug-durog
isdang sisisid sa pusod.

*Ano ang di dapat*
*gawin ng prinsipe?*
*Kaya mo ba iyon?*
*Hindi raw dapat matulog?*

**1215** “Habang ako ay wala pa
h’wag kang matutulog sana,
gagawin mo’y mag-abang ka’t
paglitaw ko ay taon na.

Tila tama ang Prinsesa na may kahirapan ang pagsubok na ito. Dalawang mahirap na bagay ang ipinagagawa kay Don Juan: (1) tadtaring pinung-pino ang dalaga, at (2) huwag matutulog hanggang sa lumitaw ang isdang may dalang singsing.

Magawa kaya ito ni Don Juan?

Madaling nagawa ang una. Tinadtad niya si Maria sa isang batya at inihulog sa dagat. Naging isda bawat pirasong tinadtad. Agad sumisid sa dagat ang mga isda para hanapin ang singsing.

Ikaw, kaya mo iyon? Tadtaring pinung-pino ang dalagang mahal mo?

Ngunit ang di pagtulog – iyon ang di nakaya ni Don Juan.

**1218** Paghanap ay natagalan
nang di gayun-gayon lamang,
nakatulog si Don Jua’t
ang pangako’y nalimutan.

**1219** Siyang paglitaw sa tubig
ng Prinsesang umaawit
ngunit itong napaidlip
sa tulog ay nagtatalik.

Nagalit ba ang prinsesa? Syempre naman, masama ang loob niya. Hindi naman yata maiiwasan iyon. Gayon man,

**1230** “Di ko ibig sisihin ka’t
sa puso ko ay mapakla,
ngunit ikaw ang may sala
gayon pa ma’y mahal kita.”

Dahil mahimbing na nakatulog ang prinsipe, kinailangang ulitin ang proseso: muling tinadtad ni Don Juan sa batya ang prinsesa, at inihagis ang mga piraso sa dagat . Sa pagmamadali, isang piraso ang tumalsik. Nang maging tao nang muli ang prinsesa, ang bahaging tumalsik ay di na naibalik. Putol na ang hintuturo ng magandang dalaga.

**1237** “Tingnan mo ito, Don Juan,
ang daliri ko ay kulang,
ito’y iyong tatandaa’t
sa aki’y pagkakilanlan.”

Ang sumunod na pagsubok ay ang pagsupil sa mabangis na kabayo ng hari.

*Sino ang kabayo?*
*Ama rin pala niya*
*ang kabayo ano?*

**1254** Pakli naman ng Prinsesa:
“Ang kabayo’y dili iba
kundi ang akin ding ama,
sa pagsakay, mag-ingat ka.

**1255** “Yaong katad na pamigil
na may gintong nagniningning
at ang siyang parang garing
ay mga kapatid ko rin.

*Nasaan si Maria?*
*Naku, naging bakal na*
*busal sa bibig ng kabayo!*

**1256** “Nasa bibig namang busal
ang bakal na nakasihang,
ako yao’t pag tinantang
ang kabayo’y masasakyan.”

Nang malampasan ni Don Juan ang pagsubok na ito, pinapili na siya kung sino sa tatlong magkakapatid ang pakakasalan niya. Ngunit isa pa uli itong pagsubok dahil ang tatlong magkakapatid na babae ay itinago sa tig-iisang silid. Paano pipili ang prinsipe?

**1310** Tatlong silid ay may butas
sa pintua’y namamalas,
naroon ang tatlong anak
mga talang sakdal-dilag.

**1311** Sa butas ang nakalitaw
mga hintuturo lamang
upang hindi mahulaan
sa tatlo ang mahihirang.

Nahulaan mo ba kung paano natukoy ni Don Juan ang daliri ni Maria? Tama ka, may palatandaan ang hintuturo ng prinsesa. Ito'y putol, di ba?

Kung minsan naman pala'y may buti ring ibinubunga ang pagpapabaya, ano? Pero huwag mo naman sanang pamarisan ang pagkukulang na ito ni Don Juan. Baka hindi ka naman swertihing tulad niya.

**1314** Hintuturong nakasuot
pinigilang buong lugod
"Mahal na Hari," ang luhog,
"narito ang aking irog."

Ngunit hindi lamang pala sa pagtulog (o paggising) nagkaroon ng pagkukulang si Don Juan. Nang tatakas ang dalawa at ipakuha ng prinsesa ang pinakamatuling kabayo sa kwadra, ano ang nangyari?

**1399** Nanaog na si Don Juan
upang kunin ang sasakyan
*Malilimutin pala?* ngunit hindi matandaan
ang kabayong kailangan.

**1340** Ang nakuha'y ikawalo
sa halip na ikapito,
ang sisiha'y di gaano
nang makita ang kabayo.

Hinabol ng hari ang tumatakas na magsing-irog. Mabagal ang kabayo ng dalawa kaya napilitan na ang prinsesa na ubusin ang nalalaman upang hindi maabutan ng humahabol na hari. Ito ang ginawa niyang mga paraan upang di maabutan ng hari.

Basahin at alamin kung anu-ano ang ginawa ng prinsesa.

**1350** Naglaglag na ng karayom
at noon din ay nakulong
itong Haring humahabol
ng tinik na buntun-bunton.

**1355** Inihulog ng Prinsesa
sa lupa ang sabon niya,
daang patag at maganda
sa hari ay naging sangga.

**1361** Inilaglag ng Prinsesa
isang kohe niyang dala,
lupang tuyo'y ano baga't
naging dagat kapagdaka!

**Linangin**

Makapigil-hininga ba ang mga pagsubok na pinagdaanan ni Don Juan? Di ba, habang nagbabasa ka'y sabik na sabik kang malaman ang kasunod na pangyayari?

May magic o mahika sa lahat ng ito. Nabanggit na ang mahika blangkang taglay ni Prinsesa Maria Blanca. May mahika rin ang hari, at ito nama'y mahika negra. Ang mahika blangka (o puti) ay para sa kabutihan. Ang mahika negra (o itim) ay para sa kasamaan.

Sa mabuti man o masama, ang tanong ngayon ay: posible bang maganap sa tunay na buhay ang ganitong mga pangyayari? Malapit ba ito sa katotohanan o realidad?

Husgahan mo kung posibleng maganap ang mga sumusunod:

1. Pagtatanim ng trigo, pagpapalaki ng trigo at pag-ani ng bunga at paggawa ng tinapay mula rito sa loob lamang ng magdamag

2. Mga itang nakakulong sa isang prasko

3. Pag-uusod ng bundok sa tapat ng bintana ng hari

4. Paglilipat ng bundok sa dagat, pagtatayo ng kastilyo sa dagat, na may pananggol at mga kanyon sa loob lamang ng magdamag

5. Pagsasauli ng bundok na ito sa dating kinalalagyan sa tapat ng bintana ng hari

6. Pag-iibang anyo ng tao:

- Anyong kalapati si Maria nang dumatal sa banyo.
- Si Maria ay naging mumunting isda nang tadtaring pinung-pino.
- Si Haring Salermo ay naging kabayo.
- 3 magkakapatid – katad na pamigil, siya at busal ng kabayo
- Naging bato ang mga taong naparusahan ng hari

7. Kababalaghang bunga ng mga bagay na inilaglag ni Maria

- Karayom – naging tinik
- Sabon – naging sangga
- Kohe – lumikha ng dagat

8. Pagtulog nang mahimbing ni Don Juan sa kabila ng mahigpit na bilin ni Maria

9. Pagkalito ni Don Juan sa pagkuha ng kabayo – sa halip na ikawalo ay ang ikapito ang nakuha niya

Sa siyam na pangyayaring nakatala sa itaas, alin ang posibleng mangyari? Alin ang hindi?

Pinili mo ba ang 1-7 na imposibleng mangyari? At 8-9 lamang ang posibleng maganap sa tunay na buhay? Kung ganito ang sagot mo, magaling!

Bakit ang mga ito ang napili mo? Imposible bang magtanim at mag-ani ng trigo sa buong magdamag lamang? Imposible nga, di ba? Malayo sa realidad iyan. Pero ang pagpapabilis ng pagtatanim at pagpapabunga ng mga halaman ay posible na ngayon, hindi nga lamang gayon kabilis na sa magdamag lamang ay magagawang magtanim, magpayabong, magpabunga at mag-ani ng trigo o ano mang halaman.

Iyon namang pag-uusod ng bundok, imposible ba iyan? Di ba ngayo'y maaari nang patagin ang bundok, o kaya'y lumikha ng bundok kung saan dating wala. Ang imposible ay ang gawin ito sa loob lamang ng magdamag. Kahit gayon na katalino ang tao, ang gayong kabilis na paggawa ay di pa rin kayang abutin ng dunong ng tao.

Ang pag-iibang anyo naman? Ang ating mga kwentong bayan ay hitik ng mga nilalang na nakapag-iiba ng anyo. Mga manananggal na nahahati ang katawan, nagkakaroon ng mga pakpak ng paniki at naninipsip ng dugo, lalo na ng mga sanggol. O kaya'y ang tiyanak na nagmumukhang maamong sanggol ngunit mabangis pala. O kaya naman ay ang higanteng nananabako sa itaas ng puno. Mga dwendeng puti, pula, itim.

Hindi hiram ang mga kwentong iyan. Likas na katutubo ito sa mga Pilipino. Bahagi ng mayamang kwentong bayan.

Sa daigdig ng korido, lahat ay posible, basta't kaya mong paliparin sa dako pa roon ang iyong imahinasyon.

Samantala, iyon namang dalawang pagkukulang ni Don Juan? Posible bang maganap iyon sa tunay na buhay? Bakit hindi? Sino ba sa atin ang hindi nakatulog gayong may responsibilidad na dapat tupdin? O ang nalito sa pagbilang?

**Gamitin**

Ngayon, handa ka na bang ilapat ang iyong nalalaman tungkol sa posibilidad at pagkamalapit sa realidad ng mga pangyayaring nabasa mo?

Basahin ang sumusunod na mga saknong.

- Ano ang kaisipang nakasaad sa bahaging may salungguhit?
- Ito ba'y posible o malapit sa realidad?

**1326** Handa niyang ipapatay
ang prinsipeng si Don Juan,
maging ito'y kasalanan
at laban sa karangalan.

Natukoy mo ba ang kaisipan sa may salungguhit na bahagi? Di ba ito ay ang masamang balak ng hari na ipapatay ang prinsipe dahil natalo siya. Natukoy ni Don Juan kung sino si Maria kahit hintuturo lamang ang nakalitaw rito.

Posible bang mangyari ang ganito sa tunay na buhay? Bakit naman hindi?

May tinatawag na ***kutob*** – iyon bang hindi mo naman alam kung bakit, basta't dama mo ang isang bagay. Maaari ka rin namang ***manghula***. O pwede rin namang maging simpleng maswerte ka.

**1328** "O, si Ama!" ang nawikang
buong lungkot at naluha,
"Bakit siya gayon kaya
sa anak ay walang awa?"

Ang kaisipan: May mga amang walang awa sa anak. Posible ba itong mangyari?

Marami ngang mga kaso ngayon, sa kasalukuyang panahon, ng mga amang siya pang nagsasamantala sa mga anak na babae.

**1330** "O, magulang! O, Pag-ibig!
Aling daan ang matuwid?
Ilaw ninyo yaring nais
sa nadirimlan kong isip."

Ang kaisipan: Alin ang pipiliin? Magulang o pag-ibig? Posible bang magkaroon ng salungatan ang magulang at pag-ibig? Posible ito.

Ano kaya ang pinili ni Maria? Kung ikaw ang nasa lugar niya, sino ang pipiliin mo: Ang iyong ama o ang lalaking mahal mo?

**1331** Tumugon ang kanyang puso:
"Kapwa sila may pagsuyo,
igalang ang iyong dugo
magtapat ka sa pangako."

Ano ang tugon ng puso ni Maria: Dapat pa rin niyang igalang ang magulang niya pero dapat mangibabaw ang pag-ibig. Posible bang mangyari ito sa tunay na buhay? Bakit hindi?

Maraming pangyayari sa korido na posibleng maganap sa tunay na buhay. Ito'y dahil ang alin mang salaysay, tuluyan man o patula, ay hango sa buhay ng tao. Ngunit marami rin namang mga pangyayaring di posibleng mangyari – mga pangyayaring sa mayamang imahinasyon lamang nabibigyang buhay. Ang mga di posibleng ito ang nakapagpapaganda sa isang korido.

**Lagumin**

Malinaw na ba sa iyo ang sub-araling ito? Upang maging mas malinaw pa, naririto ang mga pangunahing puntos:

1. Naharap sa mga pagsubok si Don Juan at naisagawa niya ang mga ito sa tulong ng mahika ni Maria.

2. Di posibleng maganap sa tunay na buhay ang mga ipinagawa ng hari, tulad ng pagpatag ng bundok, pagtatanim at pag-aani ng trigo sa loob lamang ng magdamag, pagbabagong anyo ng tao, at iba pa.

3. Malayo man sa realidad at di man posible ang mga pangyayari sa korido, ang ganitong mga pangyayari ang ikinaganda ng salaysay dahil pinagagalaw ang imahinasyon ng mambabasa.

Ngayong mas malinaw na ang sub-aralin, handa ka na ba sa isang pagsubok?

**Subukin**

Nasa ibaba ang mga sitwasyong hango sa ***Ibong Adarna***. Isulat sa iyong sagutang papel ang **P** kung posible at **DP** kung di posible. Magbigay ng posibleng dahilan posible man o di posible ang sitwasyon.

1. Naglakbay sa himpapawid si Don Juan.
2. Sakay siya ng agila.
3. Isang buwan silang naglakbay nang walang hinto.
4. Ang 2 Ermitanyong tumulong kay Don Juan ay may edad 500 taon at 800 taon
5. Naging bato ang mga manliligaw ng magkakapatid na prinsesa sa kagagawan ng hari.
6. Nagpakana si Don Pedro laban sa bunsong kapatid na si Don Juan.
7. Kinasapakat niya ang kapatid na si Don Diego.
8. Itinago ni Don Juan ang damit ni Maria.
9. Nagalit si Maria kay Don Juan dahil sa pagtatago ng damit niya.
10. Nawala ang galit ni Maria dahil sa mapakumbabang sagot at sa tamis ng dila ni Don Juan.
11. Ang galit niya ay napalitan ng pagmamahal.

Ano ang mga sagot mo? Ganito rin ba:

1. P. Posible talaga ang paglalakbay sa himpapawid, sakay ng eroplano at iba pang sasakyang panghimpapawid.
2. DP. Hindi masasakyan ng tao ang agila.
3. DP. Hindi posible ang walang hintong paglalakbay.
4. DP. Bihira ang tumatagal nang mahigit 100 taon.
5. DP. Hindi posible ang pagbabagong anyo ng tao.
6. P. Kahit magkakapatid ay posibleng magkagalit at magpakana laban sa isa't isa.
7. P. Pwedeng magkampihan ang magkapatid laban sa kapwa kapatid.
8. P. Madaling itago ang damit.
9. P. Nakakagalit naman itong talaga, di ba?

10. P. Kapag humingi ng tawad ang isang tao, makatwiran lamang na patawarin siya, di ba?

11. P. Ang pinakamatindi raw magalit ang siya ring pinakamatinding magmahal.

Kung tamang lahat ang sagot mo, maaari nang hindi mo sagutan ang ***Paunlarin***.

**Paunlarin**

Paano pinaamo ni Don Juan ang kabayo, na mismong si Haring Salermo rin? Basahin ang mga saknong at sagutin ang mga tanong.

**1277** Haba ngang tinuturuang
magbait ang salanggapang,
palo't takid sa katawan
parang lintik kung lumatay.

*Saan inihambing ang mga palong tinamo ng kabayo?*

**1278** Makailang magdarambang
ang ibig ay lumipad na,
ngunit sa higpit ng renda
ni tumakbo'y di makuha.

*Ano ang ibig gawin ng kabayo? Nagawa ba niya ito? Bakit hindi?*

**1279** Ang kabayo ay nahapo
luha't laway tumutulo,
mga mata ay umamo
mabait nang parang suso.

*Ilarawan ang kabayo nang mapaamo*.

*Ganito ba pinaaamo ang kabayo? Di ba malupit na paraan ito?*

Mga sagot:

S1277: Sa lintik. Kidlat ang ibig sabihin nito.

S1278: Ibig lumipad. Hindi niya ito nagawa, kahit nga tumakbo ay di nakaya. Dahil sa higpit ng renda.

S1279: Tumutulo ang luha't laway at maamo ang mga mata. Malupit ngang paraan ng pagpapaamo ng kabayo. Kasi'y may mahika ang kabayong ito. Sa tunay na buhay, renda lamang ang kailangan, di na kailangang gulpihin.

## Sub-Aralin 3

## Kaugnayan sa Kasalukuyan

***Layunin***: Pagkatapos mo ng sub-araling ito, inaasahang naiuugnay mo sa kasalukuyan ang mga pangyayaring inilahad sa akda.

### Alamin

Nakatakas nga ang magkasintahang Don Juan at Maria. Naiwang naghihinagpis ang ama ng babae. Gusto mo bang malaman kung ano pa ang nangyari? Basahin ang sumusunod na mga saknong.

**1364** Wala na siyang magagawa
pati lakas ay nawala,
amang anak ang humiya
ang anak ay sinusumpa.

*Kanino nanawagan ang hari? Sa Diyos, di ba?*

**1365** Itinaas na ang kamay
at sa langit ang pananaw:
"Diyos na Makapangyarihan
ang bahala na po'y ikaw.

*Pansinin mo ang dalangin ng ama para sa anak? Kaya bang gawin ito ng isang magulang? Nangyari na siguro pero bihira.*

**1366** "Ikaw, anak na suwail,
nawa'y makaalala rin,
sa ginawa mo sa akin,
talaban ka ng dalangin..

**1367** “Hingi ko sa Panginoon
gumapang kang parang kuhol,
at sa haba ng panahon
matuto ka ring lumingon.

**1368** “At sakaling sumapit ka
sa kahariang Berbanya,
malimot ng iyong sinta
sa pagluha’t pag-iisa.

**1369** “Itakwil ka’t pabayaan
sa iba siya pakakasal
ito’y siyang kabayaran
sa gawa mong kataksilan.”

**1370** Hari, sa sama ng loob
namahay na sa himutok
araw-gabi’y walang tulog
ang hininga’y nangangapos.

*Ano ang nangyari sa hari? Salungguhitan ang T1 at 2 ng S 1371. Malagim, ano?*

**1371** Nagkasakit at naratay
di nagluwat at namatay
nabigo ang karunungang
agawin ang kanyang buhay.

**1372** Bayaan sa pagluluksa
ang kahariang may luha
lahat tayo’y may tadhana
magbabalik din sa lupa.

**1373** Ngayon ang ating susunda’y
ang sinapit ng nagtanan,
kung tumalab o nasinsay
ang dalangin ng namatay.

**1374** Kabataan, palibhasa
pag-ibig ay batang-bata,
sa apoy ng bawat nasa’y
hinahamak pati luha.

**1375** Likas na sa kabataang
sa pag-ibig ay mamatay,
bawalan mo ay kaaway
pati ng mga magulang.

**1376** Mga pusong sa pag-ibig
pinag-isa na ng dibdib
halangan ng kahit lintik
liliparin din ang langit.

**1377** At sa batang kaisipan
ang lahat na'y pawang buhay,
sa masama'y pagbawalan
ang akala'y di mo mahal.

**1378** Sadyang ganyan tayong tao
habang bata'y walang tuto,
labang-laban sa pagtungo't
laging taas yaong ulo.

**1379** Lahat ito'y pumapanaw
pagsapit ng katandaan
pagsisisi ay nariyan
sa nagawang kamusmusan.

Sumpa! Iyan ang iginawad ng hari sa anak nang di na siya makahabol. Ligtas na sumapit sa Berbanya sina Don Juan at Maria. Ano kaya ang naghihintay sa kanila sa kaharian ni Don Juan? Hindi masasagot ang tanong na iyan sa ngayon dahil dito na natatapos ang ikatlong bahagi ng korido. Abangan mo sa huling aralin tungkol sa Ibong Adarna.

**Linangin**

Ang korido ay isa sa mga popular na anyong pampanitikan na lumaganap noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Alam mo ba kung bakit? Kasi, ginamit ng mga mananakop na Kastila ang panitikan sa pagpapalaganap ng relihiyong Kristiyano. Ang ***Ibong Adarna***, samakatwid, na di na makilala kung sino ang awtor, ay maaaring sinulat mahigit dalawang daang taon na ang nakalilipas.

May kaugnayan pa kaya sa kasalukuyan ang akdang ito na mas matanda pa sa iyong kalolo-lolohan?

May kaugnayan pa rin, di ba? Ang mga paksa tungkol sa pag-iibigan ng isang lalaki't isang babae, ang pagmamahal ng anak sa magulang, ang pagtataksil ng kapatid sa kapatid, ang pagtalikod ng anak sa magulang – lahat ng ito'y mga paksang unibersal at panghabang panahon.

Alin sa mga pangyayari sa bahaging ito ng ***Ibong Adarna*** ang maaari pa ring maganap sa kasalukuyan? Alisin mo ang mga bahaging kababalaghan at di posibleng mangyari sa tunay na buhay, at ang malalabi ay ang pang-araw-araw na pangyayaring maaari pa ring maganap hanggang sa ngayon.

Halimbawa, ang pagkikilala nina Don Juan at Prinsesa Maria. Di ba maaari pa ring maganap ang gayong pagkikilala? Subuking palitan ang lugar – sa halip na sa paliguan ng may-mahikang kagandahan ay gawin mong sa ***mall***, o sa isang internet café. Sa halip na anyong kalapati ay gawin mong bihis-estudyante si Maria. O kaya'y bihis-astronaut.

Ang pagtatanan ng anak, di ba't nangyayari pa rin ito hanggang sa ngayon?

Sang-ayon ka ba na kung papalitan ang kasuotan nina Don Juan at Prinsesa Maria, at gagawin silang mga karaniwang mamamayan ng kasalukuyang panahon, makagagawa ng isang bagong interpretasyon ng kanilang kasaysaysan.

Subukin mo kayang palitan ang mga pagsubok ng hari kay Don Juan ng mga palaisipang isasagawa sa pamamagitan ng mahika ng computer, para maging relevant sa kasalukuyang panahon ang mga pangyayaring inilahad, ano ang mangyayari? Tiyak, mas makikita mo na ang kwento ng pag-iibigan nina Don Juan at Maria ay maaari pa ring maganap sa kasalukuyan.

Kahit pa palitan ang tagpuan, mananatili pa rin ang mga pagpapahalagang lumutang sa akda, gayon din ang pinakaubod ng kanilang kwento – ang tapat na pag-ibig na di mapipigilan ng libo mang hadlang.

**Gamitin**

Ngayon, tingnan mo kung kaya mo nang ilapat ang iyong natutuhan.

Alin sa mga pangyayari sa ibaba ang maiuugnay pa rin sa kasalukuyan:

1. Pagtulong ng matanda kay Don Juan.

2. Paglalakbay sa ere ni Don Juan

3. Paghahanap sa isang magandang dalaga

4. Pag-ibig sa unang pagkikita

5. Pagkakaroon ng mahika

6. Paghadlang ng magulang sa pag-ibig ng anak

7. Pagpapakana ng magulang laban sa manliligaw/kasintahan ng anak

8. Pagsunod ng anak sa puso, sa halip na ang magulang ang sundin

Di ba lahat ng iyan ay nangyayari pa rin sa kasalukuyan?

Posible pa rin kayang maganap sa kasalukuyang panahon ang pagsumpa ng magulang sa anak, at ang paghiling na mapasama ang sariling anak, para lamang maturuan siya ng leksyon?

Balikan ang mga saknong 1372-1379. Ano ang sinasabi sa mga saknong na ito? Di ba mga kaisipang maiuugnay pa rin hanggang sa ngayon?

Basahin ang saknong sa ibaba. Bigyang pansin ang bahaging may salungguhit:

**1372** Bayaan sa pagluluksa
ang kahariang may luha
lahat tayo'y may tadhana
magbabalik din sa lupa.

Anong kaisipan ang ipinapahayag sa T3-4? Di ba, ang pagbabalik sa lupa ng ating katawang lupa? Ito ang mangyayari sa lahat ng tao pagdating ng oras.

**1373** Ngayon ang ating susunda'y
ang sinapit ng nagtanan,
kung tumalab o nasinsay
ang dalangin ng namatay.

Ang S1373 ay tungkol naman sa epekto ng sumpa ng ama ni Maria. Natupad kaya ito. Naniniwala ka ba sa sumpa? Naniniwala ka bang tumatalab ang masamang hiling ng isang taong may masamang nasa sa iba?

Syempre, hindi ka dapat maniwala sa sumpa, di ba? Ang ikapapahamak mo ay sa sarili mong kagagawan, kung di ka mag-iingat, o kung gagawa ka ng kasamaan.

**Lagumin**

Malinaw na ba sa iyo ang sub-aralin? Upang maging mas malinaw pa, naririto ang mga pangunahing puntos ng sub-aralin.

1. Ang ***Ibong Adarna*** ay sinulat mahigit dalawang daang taon na ang nakalilipas.

2. Gayon man, may mga kaisipang inilahad dito na may kaugnayan pa rin sa kasalukuyang panahon.

3. Kung bibihisan ng iba ang mga tauhan, at papalitan ng kasalukuyang panahon ang tagpuan, maaari pa ring maganap sa kasalukuyang panahon ang mga pangyayaring isinalaysay rito.

4. Ito ay dahil ang mga paksa sa korido ay unibersal at panghabang panahon.

Handa ka na ba sa isang pagsubok?

**Subukin**

Ano ang kaisipang isinasaad sa pariralang may salungguhit? Nagaganap pa ba ang mga ito sa kasalukuyan?

**1374** Kabataan, palibhasa
pag-ibig ay batang-bata,
<u>sa apoy ng bawat nasa'y</u>
<u>hinahamak pati luha</u>.

**1375** Likas na sa kabataang
sa pag-ibig ay mamatay,
<u>bawalan mo ay kaaway</u>
<u>pati ng mga magulang</u>.

**1376** Mga pusong sa pag-ibig
pinag-isa na ng dibdib
<u>halangan ng kahit lintik</u>
<u>liliparin din ang langit</u>.

**1377** At sa batang kaisipan
ang lahat na'y pawang buhay,
<u>sa masama'y pagbawalan</u>
<u>ang akala'y di mo mahal.</u>

Ano ang sagot mo? Ganito rin ba:

S1374: Para sa mga kabataan, walang hadlang sa pag-ibig. Kahit luha ng magulang ay di papansinin, masunod lamang ang gusto. Hanggang ngayon ay ganito pa rin ang mga kabataan.

S1375: Kapag pinagbawalan ang mga kabataan, pati mga magulang ay di na sinusunod. Hanggang ngayon ay maaari pa rin itong mangyari.

S1376: Walang makahahadlang sa dalawang pusong umiibig. Hindi ito mahahadlang ng ano man. Posible pa rin hanggang sa ngayon ang ganito.

S1377: Kapag pinagbawalan ang kabataan, ang laging nasasaisip ay di sila mahal ng magulang na nagbabawal. Hanggang ngayo'y nagaganap na pa rin ito.

Kung tamang lahat ang sagot mo, hindi mo na kailangang sagutan ang ***Paunlarin***.

**Paunlarin**

Anong kaisipan ang isinasaad sa sumusunod na mga saknong? Sagutin ang mga tanong:

**1378** Sadyang ganyan tayong tao
habang bata'y walang tuto,
labang-laban sa pagtungo't
laging taas yaong ulo.

a. Ano ang ibig sabihin ng walang tuto?
b. Anong pagtungo ang tinutukoy rito?
c. Ano ang kahulugan ng laging taas yaong ulo?

**1379** Lahat ito'y pumapanaw
pagsapit ng katandaan
pagsisisi ay nariyan
sa nagawang kamusmusan.

a. Ano ang kahulugan ng pumapanaw?
b. Kailan nangyayari ang pagsisisi?

***Mga sagot***:

S1378: a. Mahirap turuan, o ayaw makinig sa pangaral
b. Pagyuyuko ng ulo ang tinutukoy rito, na nangangahulugang pagpapakumbaba at pagsunod sa turo ng magulang
c. Laging iniisip na sila ang tama

S1379: a. Nawawala
b. Sa pagtanda.

## *Gaano ka na kahusay?*

A. Punan ng angkop na salita ang patlang. Isulat sa iyong sagutang papel ang mga sagot.

1. Dalawang matandang _______ (a. ketongin, b. maysakit, c. ermitanyo) ang tumulong kay Don Juan sa paghahanap sa Reyno de los Cristal.

2-3. Si Don Juan ay naglakbay sa _________ (a. tubig, b. lupa, c. himpapawid) sakay ng _________ (a. bus, b. bapor, c. agila).

4. Nang ilapag ng agila si Don Juan sa paliguan ni Prinsesa Maria, tyempo namang dumating ang prinsesa sa anyong _______ (a. gansa, b. bibe, c. kalapati).

5. Itinago ni Don Juan ang ________ (a. damit, b. sapatos, c. pakpak) ng prinsesa.

6. Ang galit ng prinsesa ay napalitan ng pag-ibig nang ang prinsipe ay humingi ng ________ (a. tawad, b. halik, c. pera)

7. Maraming pagsubok na ipinatupad si Haring ______ (a. Salem, b. Salino, c. Salermo), ang ama ni Maria.

8. Ang pinakamahirap na pagsubok ay ang paghanap sa _______ (a. singsing, b. salapi, c. negrito) ng hari.

9. Upang hanapin ang singsing, si Maria ay nagpatadtad nang pinung-pino at bawat piraso ay naging ______ (a. isda, b. pating, c. dugong).

10. Ang isa pang pagsubok ay pagpapaamo sa isang ______ (a. kabayo, b. usa, c. leon) na mismong si Haring Salermo.

B. May pagpapahalaga ba o matandang kaugaliang isinasaad sa mga saknong sa ibaba, partikular sa bahaging may salungguhit?

**1009** Buong galang na tumugon
ang prinsipeng tinatanong,
"Bati ko'y magandang hapon
sa Hari kong panginoon."

**1018** Ipinakli ni Don Juan:
"Iyan po'y di pasasaan,
ang hintay ko'y pag-utusan
ng aking makakayanan."

**976** "Ngunit tabi sa harapan
ako'y iyong pagtapatan,
alin bagang kaharian
ang iyong pinanggalingan?"

C. Nasa ibaba ang mga sitwasyong hango sa ***Ibong Adarna***. Isulat sa iyong sagutang papel ang **P** kung posible at **DP** kung di posible.

1. Naglakbay sa himpapawid si Don Juan.

2. Sakay siya ng agila.

3. Isang buwan silang naglakbay nang walang hinto.

4. Ang 2 Ermitanyong tumulong kay Don Juan ay may edad 500 taon at 800 taon

5. Naging bato ang mga manliligaw ng magkakapatid na prinsesa sa kagagawan ng hari.

6. Nagpakana si Don Pedro laban sa bunsong kapatid na si Don Juan.

7. Kinasapakat niya ang kapatid na si Don Diego.

8. Itinago ni Don Juan ang damit ni Maria.

9. Nagalit si Maria kay Don Juan dahil sa pagtatago ng damit niya.

10. Nawala ang galit ni Maria dahil sa mapakumbabang sagot at sa tamis ng dila ni Don Juan.

D. Ano ang kaisipang isinasaad sa pariralang may salungguhit? Nagaganap pa ba ang mga ito sa kasalukuyan?

**1374** Kabataan, palibhasa
pag-ibig ay batang-bata,
sa apoy ng bawat nasa'y
hinahamak pati luha.

**1375** Likas na sa kabataang
sa pag-ibig ay mamatay,
bawalan mo ay kaaway
pati ng mga magulang.

**1376** Mga pusong sa pag-ibig
pinag-isa na ng dibdib
halangan ng kahit lintik
liliparin din ang langit.

**1377** At sa batang kaisipan
ang lahat na'y pawang buhay,
sa masama'y pagbawalan
ang akala'y di mo mahal.

***Mahal kong estudyante, maligayang bati. Ngayong natapos mo na ang Modyul 18, maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.***

***Mga Sanggunian***


Rodillo, Gregorio M. et al. 1998. Ibong Adarna: Isang Interpretasyon. Binagong Edisyon. Maynila: Rex Book Store.

Santillan-Castrence, Pura. 1940. Publikasyon Blg. 26 ng Surian ng Wikang Pambansa. Maynila: Surian ng Wikang Pambansa.



Susi sa Pagwawasto

Modyul 17
Walang Hadlang sa Pag-ibig

A.
1. ketongin
2. himpapawid
3. agila
4. kalapati
5. damit
6. tawad
7. Salermo
8. singsing
9. isda
10. kabayo

B.
S1009: Mayroon. Pagbibigay-galang sa may-ari ng bahay; pagpapakilala rin ng lalaki sa magulang ng nililigawan
S1018: Mayroon. Pag-aalay ng paglilingkod sa magulang ng nililigawan bilang tanda ng katapatan ng pag-ibig; pagpapahalaga sa kababaihan – upang ipakitang mahalaga ang babae at ang lalaki ay nakahandang maglingkod sa magulang nito
S976: Mayroon. Pasintabi sa kausap bago magtanong ng isang bagay na maaaring di maibigan ng kausap.

C.

| | |
|---|---|
| 1. P | 6. P |
| 2. DP | 7. P |
| 3. DP | 8. P |
| 4. DP | 9. P |
| 5. DP | 10. P |

D.
S1374: Hinahamak ng nag-iibigan ang lahat masunod lamang ang puso. Nagaganap pa.
S1375: Kaaway ng nag-iibigan ang sino mang hahadlang sa kanila.Nagaganap pa.
S1376: Walang makahahadlang kahit pa lintik. Nagaganap pa.
S1377: Ang kabataang pinagbabawalan ay nag-iisip na di sila mahal ng magulang. Nagaganap pa.